## APPLICATION

- Tinanggap mo na ba ang paanyaya ni Jesus na lumapit sa Diyos? Kung hindi pa, ano sa palagay mo ang pumipigil sa ’yo para mas mapalapit sa Kanya?
- Dahil kay Jesus, maaari na tayong lumapit sa Diyos. Paano nito mababago ang paraan ng iyong pananalangin at pakikipag-usap sa Kanya?
- May kinakaharap ka bang tukso, paghihirap, o pagsubok ngayon? Hilingin kay Jesus na mamagitan para sa ’yo at bigyan ka ng lakas na magpatuloy sa tulong ng Banal na Espiritu.

## PRAYER

- Magpasalamat tayo sa Diyos dahil isinugo at hinirang Niya si Jesus bilang ating Punong Pari. Ipanalangin na patuloy nating maranasan ang biyaya ng Ama habang hinaharap natin ang iba’t ibang pagsubok, tulad ng ginawa ni Jesus.
- Hilingin natin sa Diyos na tulungan tayong huwag balewalain ang relasyon na mayroon tayo sa Kanya dahil kay Jesu-Cristo. Ipanalangin na lalo pang lumalim ang ating ugnayan at pagtitiwala sa Diyos.
- Ipagdasal din natin ang mga tao sa ating paligid na kailangang makaalam na mahal tayo ng Diyos at gumawa Siya ng paraan upang maibalik tayo sa Kanya. Hilingin natin ang lakas ng loob upang maibahagi sa kanila ang ebanghelyo.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2025 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Daisy Cayos, Bruce Chua, Romeo Mercado, Ruth Gloria, Chrysse Pili, Janine Pineda, Mona Pondales, Ian Susi, Jasmine Villegas, Kriscel Wee

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.

# JESUS > Mas Mabuting Punong Pari

WEEK 5

## WARM-UP

- Magkwento tungkol sa isang bagay na ginagamit mo lang tuwing may espesyal na okasyon o para lang sa pinaglaanan mo. Bakit ito espesyal o naiiba para sa ’yo?
- Naranasan mo na bang matakot o mahiyang pumasok sa isang kwarto o lugar? Bakit mo ito naramdaman?
- Sino ang taong kilala mo na para sa iyo ay pinaka-nakakatakot o may pinakamataas na antas sa lipunan? Nagbago ba ang tingin mo sa kanya pagkatapos mo siyang makausap?

## WORD

14 *Kaya panghawakan nating mabuti ang pinaniniwalaan*
*natin dahil mayroon tayong dakilang punong pari na*
*pumasok sa kalangitan, na walang iba kundi si Jesus na*
*Anak ng Dios.* 15 *Nadarama rin ng ating punong pari ang*
*lahat ng kahinaan natin, dahil naranasan din niya ang*
*lahat ng pagsubok na dumarating sa atin, pero hindi siya*
*nagkasala.* 16 *Kaya huwag tayong mag-atubiling lumapit*
*sa trono ng maawaing Dios para matanggap natin ang*
*awa at biyayang makakatulong sa atin sa panahon ng*
*pangangailangan.* **HEBREO 4:14–16**

(Basahin din ang **HEBREO 4:17–5:10.**)

Sa Lumang Tipan, ang mga punong pari ang tagapamagitan at tagapanalangin ng Israel sa Diyos. Minsan sa isang taon lang sila pinapayagang pumasok sa Kabanal-banalang Lugar ng templo para maghandog ng alay na pantubos para sa kasalanan ng mga mamamayan ng Diyos. Isang makapal na tabing o kurtina ang naghihiwalay sa bahaging ito mula sa ibang parte ng templo, at tanging ang punong pari lang ang maaaring pumasok doon isang beses sa isang taon. Dahil nananahan doon ang presensya ng Diyos, kailangang maghandog muna ng alay ang pari para sa sarili niyang kasalanan bago siya pumasok sa Kabanal-banalang Lugar, upang hindi siya mamatay. Napakaraming seremonyang kailangang

sundin ang isang punong pari para magampanan niya ang kanyang tungkulin. Pero nang dumating si Jesus, Siya ang naging dakilang Punong Pari, mas higit kaysa sa sinumang punong pari noon. Ano ang nagpapabukod-tangi kay Jesus bilang Punong Pari at paano Siya naging higit na mabuti?

## 1 Si Jesus, ang ating Punong Pari, ay nakakaunawa sa ating mga kahinaan.

*[14]Kaya panghawakan nating mabuti ang pinaniniwalaan natin dahil mayroon tayong dakilang punong pari na pumasok sa kalangitan, na walang iba kundi si Jesus na Anak ng Dios. [15]Nadarama rin ng ating punong pari ang lahat ng kahinaan natin, dahil naranasan din niya ang lahat ng pagsubok na dumarating sa atin, pero hindi siya nagkasala.* **HEBREO 4:14–15**

Hindi tulad ng ibang punong pari, hindi kailangang maghandog ni Jesus para sa sarili Niyang kasalanan dahil Siya lamang ang walang kasalanan. Ganunpaman, kahit Siya ay Diyos, pinili Niyang maging tao at dinanas Niya ang hirap, pagsubok, pagdurusa, at tukso. Sa kabila ng Kanyang kabanalan, nauunawaan Niya ang ating kahinaan at pagiging tao. Dahil dito, mapanghahawakan natin ang ating pananampalataya at makakayanan nating magpatuloy sa kabila ng mga pagsubok. Paano mo personal na naranasan ang malasakit ni Jesus sa gitna ng iyong kahinaan?

## 2 Si Jesus, ang ating Punong Pari, ang nagbigay sa atin ng daan para mapalapit sa Diyos.

*Kaya huwag tayong mag-atubiling lumapit sa trono ng maawaing Dios para matanggap natin ang awa at biyayang makakatulong sa atin sa panahon ng pangangailangan.* **HEBREO 4:16**

Ang paglapit sa Diyos ay paanyaya para sa mga naniniwala sa ginawa ni Jesus. Isa itong paanyaya para sa isang relasyon—mas mapalapit sa Kanya, makilala Siya, at makilala Niya. Tayo ngayon ay makakalapit na sa Diyos nang may lakas ng loob. Nang ginawa ni Jesus ang ganap na pag-alay ng Kanyang sarili para sa atin, nilinis Niya tayong mga nagtitiwala sa Kanya at ginawa Niya tayong karapat-dapat na manahan sa Kanyang presensya. Ito ang nagbigay-daan para makapasok tayo sa Kabanal-banalang Lugar at malayang makipag-ugnayan sa Diyos. Hindi na lamang ang mga punong pari ang makakapasok dito; ito ay para sa ating lahat, kahit kailan at kahit saan. Paano mo nasimulang maintindihan ang katotohanang ito at paano ito nakaapekto sa buhay mo?

## 3 Si Jesus, ang ating Punong Pari, ay may espesyal na ugnayan sa Kanyang Ama.

*[4]Hindi maaaring makamtan ninuman sa sarili niyang kagustuhan ang karangalan ng pagiging punong pari. Sapagkat ang Dios mismo ang humihirang sa kanya na maging punong pari, tulad ng pagkahirang kay Aaron. [5]Ganoon din naman, hindi si Cristo ang nagparangal sa sarili niya na maging punong pari kundi ang Dios. Sapagkat sinabi sa kanya ng Dios, "Ikaw ang Anak ko, at ngayon ipapahayag ko na ako ang iyong Ama."* **HEBREO 5:4–5**

Bukod sa pag-aalay ng mga sakripisyo para sa kasalanan ng mga tao, ang punong pari ay namamagitan din para sa kanila. Si Jesus, na hinirang ng Ama bilang *Punong* Pari, ay patuloy na namamagitan para sa atin hanggang ngayon. Dahil Siya ay Anak ng Diyos at mas malapit Siya sa Ama kaysa sa sinumang punong pari, Siya ang perpektong tagapamagitan at namamagitan para sa atin sa harap ng Diyos Ama. Ano ang ipinapahayag ng Lucas 3:22 tungkol sa ugnayan ng Ama at ng Anak?

Ang relasyon na mayroon si Jesus at ang Ama ay hindi malayo para maabot natin. Ang uri ng ugnayan nila ang nagbibigay sa atin ng tiwala na habang namamagitan si Jesus para sa atin, napapakinggan ang ating mga panalangin. Higit pa rito, ang mga sagot sa panalangin natin ay ayon sa kalooban at layunin ng Diyos. Ngayong alam na natin na si Jesus ang mas mabuting Punong Pari, tumugon tayo nang may pasasalamat sa Kanyang ginawa at tiwala na lumapit sa Diyos.